Permit Relief sa Maliliit na Negosyo sa Pagkain

Noong Martes, Marso 14, 2023, nagkakaisang inaprubahan ng Lupon ng mga Superbisor ang isa pang round ng permit fee relief para sa maliliit na negosyo sa pagkain na apektado ng COVID-19 na tumatakbo sa ilalim ng permit na inisyu ng Department of Environmental Health (DEH). Nauunawaan ng County ang patuloy na mga hamon ng maliliit na negosyo sa pagkain bilang resulta ng pandemya. Dahil dito, maglalabas ang DEH ng isang beses na credit na katumbas ng taunang halaga ng iyong umiiral na mga bayarin sa permit para sa mga sumusunod:

- Ang mga restawran at iba pang Pasilidad ng Serbisyo sa Pagkain na may hanggang 25 empleyado (kabilang ang mga mobile food facility at cottage food operator) AT may dalawa o mas kaunting lokasyon sa County na pinapatakbo ng parehong may-ari noong Marso 14, 2023. Ang mga permit na hawak ng mga entidad o pasilidad ng pamahalaan na hindi bukas sa pangkalahatang publiko (halimbawa, ang mga cafeteria na pinapatakbo ng employer) ay hindi kwalipikado para sa fee relief program na ito.
- Mga kalahok sa Microenterprise Home Kitchen Operation noong 2023.

Hindi na kailangang mag-enroll o mag-aplay para sa programang ito. Ang credit ay awtomatikong ilalapat sa mga account ng mga kwalipikadong negosyo at ang credit ay makikita sa kanilang mga billing statement bago ang pag-expire ng kanilang mga permit.

Mangyaring tandaan na ito ay isang beses na credit at anumang natitirang mga bayarin ay kailangang bayaran upang mapanatiling napapanahon ang iyong account. Kung sakaling ang isang credit ay naibigay ng pagkakamali, ang DEH ay may karapatan na gumawa ng anumang kinakailangang pagwawasto.

Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa programang ito, mangyaring makipag-ugnayan sa aming tanggapan sa DEHWEB@ deh .sccgov.org.

Mga Kadalasang Katanungan (FAQs)

1. **Ano ang fee relief program?**

Ang fee relief program ay inaprubahan ng Lupon ng mga Superbisor noong Marso 14, 2023 upang magbigay ng patuloy na suporta sa ilang maliliit na may-ari ng

negosyo na partikular na naapektuhan ng pandemya ng COVID-19 sa pamamagitan ng pag-kredito sa kanilang account para sa halaga ng kanilang kasalukuyang taunang operating permit na inisyu ng Department of Environmental Health.

2. **Ano ang mga uri ng maliliit na negosyo ang kwalipikado para sa permit fee relief program na ito?**

Ang mga sumusunod na maliliit na negosyo ay kwalipikado para sa permit fee program na ito:

- Ang mga restawran at iba pang Pasilidad ng Serbisyo sa Pagkain na may hanggang 25 empleyado (kabilang ang mga mobile food facility at cottage food operator) AT may dalawa o mas kaunting lokasyon sa County na pinapatakbo ng parehong may-ari noong Marso 14, 2023. Ang mga permit na hawak ng mga entidad o pasilidad ng pamahalaan na hindi bukas sa pangkalahatang publiko (halimbawa, ang mga cafeteria na pinapatakbo ng employer) ay hindi kwalipikado para sa fee relief program na ito.
- Mga kalahok sa Microenterprise Home Kitchen Operation noong 2023.

3. **Paano gumagana ang fee relief program?**

Ang lahat ng maliliit na negosyo na nakakatugon sa pamantayan ay makakatanggap ng isang beses na credit sa kanilang account para sa buong halaga ng kanilang taunang mga bayarin sa permit. Makikita ng mga negosyo ang credit na ito sa kanilang taunang invoice sa kanilang karaniwang billing cycle simula sa Marso 15, 2023. Hindi na kailangang mag-enroll o mag-apply para sa programang ito, ito ay awtomatikong nakumpleto para sa lahat ng mga kwalipikadong maliliit na negosyo.

4. **Paano ko malalaman kung natutugunan ko ang pamantayan para maging kwalipikado?**

Ang fee relief program ay idinisenyo upang suportahan ang mga maliliit na may-ari ng negosyo, samakatuwid ang mga may-ari ng negosyo na nagmamay-ari ng hanggang dalawang negosyong pinahihintulutan ng DEH sa loob ng Santa Clara County ang kwalipikado lamang. Ang bawat negosyong kwalipikado ay dapat na pinapatakbo ng parehong may-ari sa o bago ang Marso 14, 2023.

5. **Maaari ba akong makatanggap ng refund para sa mga bayarin sa permit na binayaran ko na?**

Hindi. Walang ibibigay na refund. Ang credit ay ilalapat sa mga kwalipikadong account at awtomatikong gagamitin para sa hinaharap na permit sa susunod na billing cycle.

6. **Nabayaran ko na ang aking mga bayarin sa permit sa taong ito, makikinabang ba ako sa fee relief program na ito?**

Oo. Lahat ng mga kwalipikadong negosyo ay makakatanggap ng isang beses na credit sa kanilang account sa kanilang billing cycle simula sa Marso 15, 2023. Kung nagbayad ka na para sa taon, ang credit na ito ay makikita sa iyong susunod na naka-iskedyul na invoice. Walang mga refund na ibibigay para sa mga nabayarang permit fee.

7. **Ang aking account ba sa Department of Environmental Health ay kailangang nasa mabuting katayuan o walang balanse para matanggap ang credit?**

Kung natutugunan ng iyong negosyo ang pamantayan sa pagiging kwalipikado, awtomatiko kang makakatanggap ng credit sa iyong account. Gayunpaman, mababawi ng credit na ito ang anumang balanse na maaaring mayroon ka sa kasalukuyan maliban sa mga gastos na ipinapatupad at iba pang mga singil sa serbisyo (halimbawa, - mga bayarin sa tseke ng plano o mga gastos na ipinapatupad).

8. **Kami ay isang kumpanya ng catering na mayroong higit sa 25 empleyado, gayunpaman, binabayaran namin ang mga permit para sa ilang mga negosyo na aming kinokontrata na may mas kaunti sa 25 na empleyado. Makukuha ba namin ang kredito?**

Ang credit ay ilalapat sa mga account batay sa pamantayan at sa iyong mga talaan ng pagmamay-ari sa file ng DEH. Kung ang negosyo sa pagkain ay may pagmamay-ari sa mahigit sa 2 mga lokasyon o may higit sa 25 o higit pang mga empleyado sa lugar, ang negosyo ay hindi kwalipikado para sa permit relief program.

9. **Mayroon bang iba pang fee relief program na kwalipikado ako?**

Nakatuon ang site na ito para sa permit fee relief para sa Santa Clara County Department of Environmental Health. Para sa iba pang tulong sa maliliit na negosyo, iminumungkahi naming makipag-ugnayan ka sa iyong lokal na kamara ng komersiyo, ang Small Business Administration, at bisitahin ang website para sa

lungsod kung saan matatagpuan ang iyong negosyo. Ang Estado ng California ay nagbibigay ng impormasyon sa COVID-19 relief and assistance para sa maliliit na negosyo: https://sco.ca.gov/covid19ReliefAndAssistanceSM.html

10. Saan nanggagaling ang pagpopondo para sa permit relief program at kailangan ko bang bayaran ito?
Inaprubahan ng Lupon ng mga Superbisor ang paggastos ng $6 na milyong dolyar para sa programang ito mula sa Pangkalahatang Pondo. Ito ay nilayon upang matiyak na ang lahat ng kwalipikado na maliliit na negosyo ay hindi kailangang muling bayaran ang credit na kanilang nakukuha para sa kanilang taunang bayad sa permit para sa isang taon lamang.

11. Kailangan ko bang bayaran ang aking DEH permit fees sa mga darating na taon, pagkatapos matanggap ang permit fee credit?
Oo. Ang programang ito ay naaangkop lamang para sa kasalukuyang taon. Matapos magamit ang credit sa iyong account, kailangan mo pa ring bayaran ang taunang mga bayarin sa permit.

12. Sinimulan ko ang aking bagong maliit na negosyo pagkatapos ng Marso 14, 2023 at natutugunan ko ang mga kwalipikadong pamantayan sa negosyo. Maaari ko bang makuha ang fee credit para sa aking unang taon ng mga bayarin sa permit?
Hindi. Ang permit fee relief program ay nalalapat lamang sa mga negosyong nagpatakbo noong o bago ang Marso 14, 2023.

13. Kailan matatapos ang programa?
Ang isang beses na credit na bayad na ito ay ilalapat nang hindi lalampas sa Pebrero 15, 2024 upang makumpleto ang 12 buwang billing cycle. Kung natanggap mo ang iyong bill at sa tingin mo ay kwalipikado ka at hindi natatanggap ang credit na ito, mangyaring makipag-ugnayan sa DEH sa DEHWEB@deh.sccgov.org.

14. Nabasa ko na ang lahat ng madalas na itanong at mayroon pa akong mga karagdagang katanungan, sino ang maaari kong kontakin?
Mangyaring ipadala ang iyong kahilingan sa DEHWEB@deh.sccgov.org.